Talaan ng Nilalaman ng Hazard Map ng Baha sa Lungsod ng Kofu

① Pagkilala sa mga Kalamidad

1-1. Tungkol sa Hazard Map ng Baha sa Lungsod ng Kofu P 2
1-2. Mga Nagdaang Sakuna sa Lungsod ng Kofu P 2
1-3. Tungkol sa Panlabas na Pagbaha at Panloob na Pagbaha P 3
1-4. Mga lugar na Nangangailangan ng Maagang Paglikas P 3
1-5. Mga Katangian ng Pagguho ng Lupa at mga Palatandaan Bago Ito Mangyari P 4
1-6. Ano ang mga Lugar na nasa Panganib (may Espesyal na Babala) ng Pagguho ng Lupa? P 4

② Pag-isipan ang Paglikas

2-1. Mga Dapat Gawin sa Oras ng Malakas na Ulan P 5
2-2. Mga Impormasyon at Gabay sa Pagkilos sa Oras ng Malakas na Ulan P 7
2-3. Mga Hakbang sa Pagdedesisyon Kung Kailan Lilikas P 9
2-4. Mga Uri ng Paglikas P11
2-5. Listahan ng Itinalagang Evacuation Centers na Ginagamit Din bilang Emergency Evacuation Sites sa Panahon ng Baha P12
2-6. Ang Topograpiya ng Kofu City at mga Panganib na Sakuna P13
2-7. Paano Magbasa ng Hazard Map P14
2-8. Hazard Map ng Baha P15
1 Timog Block [Kamikuishiki] P15
2 Timog Block Nakamichi P17
3 Timog Block P19
4 Silangan, Kanluran, Timog at Sentral Block P21
5 Silangan at Timog Block P23
6 Silangan, Kanluran, Hilaga at Sentral Block P25
7 Silangan at Hilagang Block P27
8 Hilagang Block ① P29
9 Hilagang Block ② P31
10 Hilagang Block ③ P33
2-9. Mapa ng Inaasahang lugar ng Pagbaha ng Bawat Ilog P35
Index map P35
Ilog Kamanashi, Ilog Fuefuki, Ilog Ara, Ilog Ai P36
Ilog Nigori, Ilog Byodo, Ilog Takido, Ilog Sakai P37
Ilog Kamata, Ilog Ku, Ilog Nagare, Ilog Shibu P38
Ilog Ashi, Ilog Tera, Ilog Shichikaku, Ilog Miyazawa, Ilog Sawabata P39
Ilog Shichikaku-Nishi, Ilog Yamanokami, Ilog Nishi, Ilog Shingyoji, Ilog Sori, Ilog Fudogawara, Ilog Ina, Ilog Asari P40
Ilog Makado, Ilog Kitsune (Lungsod ng Fuefuki), Ilog Imosawa, Ilog Asa, Ilog Obori, Ilog Kamata P41
Ilog Shibu, Ilog Numa, Ilog Hirusawa, Ilog Gowari P42
Ilog Shibu (Bayan ng Shirai), Ilog Byodo (upstream), Ilog Daini-Byodo, Ilog Juro P43
Ilog Daien, Ilog Ooyamasawa, Ilog Takakura, Ilog Fuji, Ilog Ai (upstream) P44
Ilog Yu, Ilog Koyu, Ilog Ara (upstream) P45
Ilog Obina, Ilog Mitake, Ilog Samusawa, Listahan ng mga ilog na walang inaasahang pagbaha P46
2-10. Mapa ng Inaasahang Itatagal ng Pagbaha P47
2-11. Gabay sa Paglikas P49
2-12. Tungkol sa Itinalagang Evacuation Center P50

③ Paghahanda sa sakuna

3-1. Paghahanda sa pang araw-araw P51
3-2. Mga Aktibidad para sa Disaster Prevention sa Komunidad P54
3-3. Halimbawa ng mga Gawain para sa Disaster Prevention P56
3-4. My Timeline (Ang Aking Timeline) P57
Memo sa Paghahanda sa Kalamidad ng Aking Pamilya, NTT Disaster Message Dial (171),Disaster Message Board (web171), Mga Emergency Contact sa Aming Tahanan likurang pabalat

Tungkol sa Hazard Map ng Baha

Ang hazard map ng baha ay isang mapa ng panganib sa pagbaha. Ayon sa Batas sa Pag-iwas sa Sakuna sa Baha (Suibōhō), ang pamahalaang pambansa at ang mga prefecture ay gumagawa ng mga mapa ng inaasahang lugar na babahain, at tungkulin naman ng mga lungsod at bayan na gumawa ng flood hazard map na nakabatay dito kung saan inilalagay ang paraan ng pagpapasa ng impormasyon gaya ng flood warning at ang lokasyon ng mga evacuation facility.

Kahit sa mga lugar na hindi nakasaad bilang inaasahang lugar na babahain sa hazard map sa baha, maaaring magkaroon pa rin ng pagbaha, at maaari ring iba ang aktuwal na lalim ng baha kumpara sa nakasaad na inaasahang lalim. Gayunman, sa malawakang pag-ulan noong Hulyo 2018 na nagdulot ng rekord na pag-ulan lalo na sa Kanlurang Japan, ipinakita sa distrito ng Mabi sa Lungsod ng Kurashiki sa Prefektura ng Okayama na halos tumugma ang inaasahang lugar na babahain sa flood hazard map at ang aktuwal na binahang lugar, kaya napatunayan ang kahalagahan ng ganitong mapa.

Hinihikayat ang lahat ng mamamayan na tingnan ang hazard map na ito, alamin ang inaasahang lalim ng baha sa inyong tahanan at iba pang lugar, at tiyaking alam ang mga itinalagang evacuation center. Mahalaga ring pag-isipan na nang maaga kung ano ang dapat gawing hakbang kung sakaling magakroon ng aktuwal na sakuna.



1-1. Tungkol sa Hazard Map ng Baha sa Lungsod ng Kofu

Ang "Kofu City Flood Hazard Map" na ito ay nagpapakita ng mga lugar na inaasahang mababaha, ang lalim ng baha, at ang mga itinalagang evacuation center. Ipinapakita nito ang pinakamalalang pinsala na maaaring mangyari base sa "pinakamataas na antas ng ulan" sa bawat basin ng ilog at ang posibilidad ng pagkasira ng mga dike o bakod ng ilog. Pinagsama-sama rito ang lahat ng mga flood inundation area para sa mga target na ilog.

Ang Lungsod ay binago ang Hazard Map ng Baha sa Lungsod ng Kofu noong 2022 at inilathala ito para sa 10 ilog (mga ilog na may babala sa baha at mga ilog na may kaalaman sa antas ng tubig). Dahil sa pagtaas ng dalas at tindi ng pinsala dulot ng baha sa buong bansa kamakailan, muli itong binago sa pagkakataong ito. Ang layunin ay ipaalam sa mga mamamayan ang impormasyon tungkol sa panganib at paglikas, na ipinapalagay ang pinakamasamang sitwasyon, kahit na mababa ang posibilidad ng pangyayari, upang magamit nila ito sa paglikas. Idinagdag sa rebisyon na ito ang "Iba pang Ilog" na nakalista sa talahanayan sa ibaba.

Mapa (Kasalukuyang Mapa)	
Uri ng isasaalang-alang na pag-ulan	Inaasahang Pinakamataas na Antas ng Pag-ulan
Mga ilog na may babala sa pag baha	Ilog Kamanashi, Ilog Fuefuki, Ilog Ara
Mga ilog na mino-monitor ang antas ng tubig	Ilog Ai, Ilog Nigori, Ilog Byodo, Ilog Takido, Ilog Sakai, Ilog Kamata, Ilog Ku
Iba pang mga ilog	Ilog Nagare, Ilog Shibu, Ilog Ashi, Ilog Tera, Ilog Shichikaku, Ilog Miyazawa – Ilog Sawabata, Ilog Shichikaku-Nishi – Ilog Yamanokami, Ilog Nishi – Ilog Shingyoji, Ilog Sori – Ilog Fudogawara, Ilog Ina – Ilog Asari, Ilog Makado, Ilog Kitsune (Lungsod ng Fuefuki), Ilog Imosawa – Ilog Asa, Ilog Obori – Ilog Kamata, Ilog Shibu, Ilog Numa, Ilog Hirusawa, Ilog Gowari, Ilog Shibukawa (Bayan ng Shirai), Ilog Byodo (upstream), Ilog Daini-Byodo, Ilog Juro, Ilog Daien – Ilog Ooyamasawa, Ilog Takakura, Ilog Fuji, Ilog Ai (upstream), Ilog Yu, Ilog Koyu, Ilog Ara (upstream), Ilog Obina, Ilog Mitake, Ilog Samusawa.

1-2. Mga nagdaang sakuna sa Lungsod ng Kofu

Biglaang paglakas ng ulan Setyembre 11–12,2000	Mula Setyembre 11 hanggang 12, 2000, ang stationary autumn rain front sa ibabaw ng Honshu ay naging mas aktibo dahil sa pagpasok ng mainit at basang hanging mula sa Bagyong Blg. 14, kaya nagdala ito ng malakas na ulan sa maraming bahagi ng bansa. Dahil sa malakas na ulang ito, umabot sa 294.5 mm ang 24-oras na dami ng ulan sa Lungsod ng Kofu, na siyang pinakamataas na naitala mula nang magsimula ang obserbasyon ng Kofu Local Meteorological Observatory. Ang kabuuang naitalang ulan mula pagsisimula ng pag-ulan sa ika-11 ay 311 mm. Naitatag ang Disaster Response Headquarters ng Lungsod ng Kofu mula Setyembre 12 hanggang 13.	Ganap na napinsalang bahay: 1, Bahagyang napinsalang bahay: 4 Bahay na lubog hanggang sahig (floor level): 106 Bahay na lubog hanggang kolong-bahay: 273 Di-tinitirhang gusali na lubog hanggang sahig: 58 Di-tinitirhang gusali na lubog hanggang kolong-bahay: 26 Nalubog na palayan at bukirin: 91 ha, Pinsala sa kagubatan: 18 lokasyon Pinsala sa mga daang-gubat: 9 na forest road, 16 na lokasyon Mga kalsadang binaha: 18 lokasyon Mga lumikas: 16 sambahayan, 51 katao at iba pa
Bagyong No. 23 Oktubre 20–21,2004	Ang Bagyong No. 23 ay lumapag sa Prepektura ng Kochi noong hapon ng Oktubre 20, pagkatapos ay kumilos pa-hilaga, at dumaan sa Lungsod ng Kofu bandang 11:30 ng gabi sa parehong araw. Dahil dito, umulan nang malakas sa lungsod mula bandang 3:00 p.m. hanggang 10:00 p.m. sa ika-20 habang papalapit ang bagyo. Ang kabuuang dami ng ulan mula 7:00 a.m. ng ika-19 hanggang 9:00 a.m. ng ika-21 ay umabot sa 192 mm. Nagkaroon ng pagguho ng bundok sa loob ng lugar ng Zenkoji-machi, at naganap din ang pagbaha sa loob at labas ng bahay sa mga lugar ng Satogaki at Tamamoro. Ang Disaster Response Headquarters ng Lungsod ng Kofu ay naitatag mula Oktubre 20 hanggang 21. (Kofu City Disaster Management Headquarters itinatag noong Oktubre 20–21)	Bahagyang napinsalang bahay: 1 Pagbaha sa loob ng bahay (sa sahig): 58, Pagbaha sa ilalim ng bahay (underfloor): 228 Di-tinitirhang gusali na lubog hanggang sahig: 22 Di-tinitirhang gusali na lubog hanggang kolong-bahay: 21 Nalubog na palayan at bukirin: 4.89 ha, Pinsala sa kagubatan: 3 lokasyon Pinsala sa daang-gubat: 1 lokasyon Mga lumikas: 75 sambahayan, 170 katao at iba pa
Bagyong No. 19 Oktubre 12–13,2019	Ang Bagyong No. 19, na nabuo malapit sa Minamitorishima noong Oktubre 6, ay naging isang malaki at matinding bagyo noong ika-7. Lumapag ito sa Izu Peninsula bago mag-7:00 PM noong ika-12, dumaan sa Kanto rehiyon, at umalis sa silangan ng Tokai rehiyon sa madaling-araw ng ika-13. Nagsimulang umulan sa Prepektura ng Yamanashi noong gabi ng ika-10. Sa Furuseki, nagkaroon ng napakatinding pag-ulan na umabot sa 52.5 mm sa loob ng isang oras. Bukod pa rito, ang pinakamataas na bilis ng hangin sa Kofu ay 21.2 m/s, na nagresulta sa bagyo na may kasamang malakas na ulan.(Kofu City Disaster Management Headquarters itinatag noong Oktubre 12–13)	Bahagyang napinsala : 15 gusali Lumikas na pamilya: 571 pamilya, 1,270 katao, atbp.



Setyembre 12, 2000 Malakas na Pag-ulan
(Pag-apaw ng Ilog Fuji, tributaryo ng Ilog Nigori)



Oktubre 21, 2004 Bagyong No. 23
(Pag-apaw ng Ilog Takakura, tributaryo ng Ilog Nigori)

※Maaaring kumpirmahin ang mga nakaraang kaso ng pagbaha dito:

1-3. Tungkol sa Panlabas na Pagbaha at Panloob na Pagbaha

Ang "inaasahang lugar ng pagbaha" na nakasaad sa "Mapa ng Baha sa Lungsod ng Kofu" ay tumutukoy sa pagbaha na nagaganap kapag umapaw ang isang ilog. Ito ay tinatawag na panlabas na pagbaha (gaisui hanran). Samantala, ang pagbaha na sanhi ng pag-apaw ng mga kanal o imburnal ay tinatawag na panloob na pagbaha (naisui hanran).
Kahit na hindi umapaw o masira ang pilapil ng ilog, maaari pa ring magkaroon ng pagbaha kapag umapaw ang tubig mula sa mga kanal o imburnal. Kahit hindi malapit sa ilog, ang mga mababababang lugar, hukay, at mga underground na bahagi ng lungsod ay madaling bahain. Kaya mahalagang malaman kung gaano kababa o kataas ang lugar na tinitirahan mo.

Panlabas na pagbaha:



Ito ay isang sitwasyon kung saan, dahil sa malakas na ulan, sobrang dami ng tubig sa ilog na nagdudulot ng pag-apaw o pagkasira ng pilapil, na nagiging sanhi ng pagkalat ng tubig sa paligid.

Panloob na pagbaha:



Ito ay nangyayari kapag ang malakas na ulan sa maikling panahon ay nagpapataas ng lebel ng tubig sa ilog, kaya't hindi na makadaloy papunta sa ilog ang tubig mula sa mga kanal o imburnal, na nagiging dahilan ng pag-apaw ng tubig pabalik sa mga daanan o kabahayan.

1-4. Mga Lugar na Nangangailangan ng Maagang Paglikas

Ang mga lugar na may panganib ng pagbaha na maaaring magpaguho ng mga bahay, mga lugar na madaling maagnas ang pampang ng ilog (riverbank erosion), o mga lugar kung saan maging ang pinakamataas na palapag ng bahay ay maaaring lumubog ay mga zone na kinakailangan ng maagang paglikas. Sa mga ganitong lugar, ang pananatili sa loob ng bahay ay maaaring magdulot ng panganib sa buhay, kaya sa panahon ng sakuna, sundin ang mga impormasyon sa paglikas at mabilis na pumunta sa isang ligtas na lugar.

Mga lugar na nangangailangan ng maagang paglikas.

Uri ng Itinalagang Lugar		Mga Pangyayaring Maaaring Mangyari at mga Dapat Gawin sa Paglikas:	
Lugar na Inaasahang Gumuho/ Masira ang Bahay dahil sa Baha Sa mapa na nasa pahina 15–34, ito ay ipinapakita bilang isang lugar na may panganib na tangayin ang mga bahay	**Agos ng Baha**		Ito ay mga lugar kung saan maaaring maganap ang malakas na agos ng baha dahil sa pagkasira ng pilapil ng ilog o iba pang dahilan. Dahil dito, may panganib na gumuho o masira ang mga bahay na gawa sa kahoy, kaya kinakailangan ang maagang paglikas.
	Pagguho ng Pampang ng Ilog		Ito rin ay mga lugar na maaaring makaranas ng pagguho ng pampang ng ilog , kung saan nauukit o nawawasak ang lupa, na nagiging dahilan upang bumagsak ang bahay kasama ang pundasyon nito. Dahil may panganib na gumuho nang buo ang mga gusali dahil sa pagguho ng lupa, kinakailangan ang maagang paglikas
Mga Lugar na Maaaring Malubog ang mga Bahay			Ito ay isang lugar na may panganib na baha kung saan maaaring lumubog maging ang pinakamataas na palapag. Ang pananatili sa loob ng bahay ay napakapanganib sa buhay. Samakatuwid, dapat agarang lumikas sa isang ligtas na lugar.

1-5. Mga Katangian ng Pagguho ng Lupa at mga Palatandaan Bago Ito Mangyari

Mga Uri ng Pagguho ng Lupa

Pagguho ng Bangin	Pag-agos ng Putik at Bato	Pagdausdos ng Lupa
		
Paglayo mula sa pagsadsad	**Tumakas nang pahilis mula sa dinadaanan ng ilog o maliit na sapa (huwag sa direksiyong daloy nito).**	**Pagdausdos ng Lupa, Ang ganitong uri ng sakuna ay karaniwang nangyayari nang dahan-dahan, ngunit dapat agad-agad pa ring lumikas kapag may senyales.**
• May mga bitak o siwang sa bangin. • Lumalabas ang tubig mula sa bangin. • Nalalaglag ang maliliit na bato. • Naririnig ang tunog ng napuputol na ugat ng mga puno.	• May tunog na parang dagundong ng bundok. • Biglang nagiging maputik ang agos ng ilog at may halong mga troso o putol na sanga. • Kahit patuloy ang pag-ulan, bumababa ang lebel ng tubig sa ilog. • Amoy bulok o maasim na lupa.	• Nagiging maputik ang tubig mula sa balon o batis. • Nagkakaroon ng mga bitak sa lupa. • May lumalabas na tubig mula sa gilid ng bundok. • May mga bitak sa dingding ng bahay o retaining wall. • Ang bahay, pader, puno, o poste ay nagsisimulang tumabingi o lumihis.

Mga Palatandaan Bago Mangyari ang Pagguho ng Lupa

Kapag napansin mo ang alinman sa mga palatandaang ito, agad na lumikas sa ligtas na lugar at ipagbigay-alam sa lungsod, pulisya, o bombero.
Kahit wala pang inilalabas na opisyal na "Babala sa Pagguho ng Lupa," mas mabuting lumikas agad kaysa magsisi sa huli.

※Babala ng Pag-iingat sa Pagguho ng Lupa: Ito ay sabay-sabay na inilalabas ng Japan Meteorological Agency at ng Yamanashi Prefecture kapag tumaas ang panganib ng pagguho ng lupa na dulot ng malakas na pag-ulan. Kapag inilabas ang impormasyong ito, ang sitwasyon ay lubos na mapanganib at madaling magkaroon ng pagguho ng lupa.

Mga Halimbawa ng mga Paunang Palatandaan



1-6. Ano ang mga Lugar na nasa Panganib (may Espesyal na Babala) ng Pagguho ng Lupa?

Ang mga lugar na maaaring magkaroon ng pagguho ng lupa ay itinutukoy ng Lalawigan ng Yamanashi, at ayon sa antas ng panganib, ito ay hinahati sa dalawang uri:

Lugar na may Espesyal na Babala sa Pagguho ng Lupa

Lugar na may Babala sa Pagguho ng Lupa
Lugar na may Babala sa Pagguho ng Lupa, ang mga Danger Zone ay inihahanda para sa pagpapaunlad ng sistema ng pagbabantay at paglikas. Kabilang dito ang pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa panganib at paggawa ng mga manual para sa babala at paglikas
※May mga regulasyon na ipinapatupad sa ilang partikular na development activities (gawaing pagpapaunlad).

Lugar na may Espesyal na Babala sa Pagguho ng Lupa
Ito ay isang lugar sa loob ng Sediment Disaster Warning Zone kung saan may matinding panganib na magkaroon ng malaking pinsala sa mga residente dahil sa pagkasira ng mga istruktura/gusali. Dito isinasagawa ang mga sumusunod na hakbang: pagpapatupad ng sistema ng permit para sa ilang partikular na development activities (gawaing pagpapaunlad), regulasyon sa istruktura ng mga gusali, rekomendasyon para sa paglipat ng gusali, at mga hakbang sa suporta/tulong.



※Nalalapat din ito sa mga kaso ng pagguho mula sa mga bangin